

Ang Pampublikong Edukasyon na Nararapat para sa Lahat ng Mag-Aaral sa California

Ang Pampublikong Edukasyon na Nararapat para sa Lahat ng Mag-Aaral sa California ay isang dokumentong batay sa pananaliksik ng Kapisanan ng mga Guro ng California na nagbabanghay ng mga napatunayang estratehiyang pang-edukasyon na magpapabuti at magdaragdag sa pagkatuto ng mga mag-aaral, ay makabuluhan sa pagbibigay ng kalidad na edukasyong pampubliko sa lahat ng 9 na milyong mag-aaral ng California, nagtatayo ng mas malakas na pambayang komunidad, at tumutulong na panatilihin ang pundasyon ng pampublikong edukasyon ng ating malayang lipunan. Ang dokumentong ito ay batay sa pananaliksik na pang-edukasyon at tulong mula sa libu-libong mga tagapagturo at miyembro ng bayan.

Ganap na Edukasyon

Kailangan tayong mamuhunan sa pag-aaral higit sa pagsusulit. Mamuhunan para tiyakin na ang lahat ng mga mag-aaral at paaralan ay may paraan upang malaman ang tungkol sa sining, musika, teatro, sayaw, edukasyong pisikal, at edukasyong karir-teknikal (career-technical). Ang lahat ng mag-aaral ay dapat may paraan upang malaman ang mga wika ng mundo, iba't-ibang mga pagpipiliang asignatura at mga paunang klase (advanced placement). Ang bawat paaralan ay dapat magkaroon ng silid-aklatan na may mga katiwala ng aklatan na nangangalaga ng mga ito. Pinakitid ng pokus sa pagsusulit na standardized ang mga inaasahan at pagkatuto. Kailangan ng mga guro ang kalayaan upang gumamit ng iba't-ibang mga pamamaraan ng pagtuturo na may kinalaman sa kalinangan ng magkakaibang mag-aaral na kanilang tinuturuan.



Mahalaga ang Laki ng Klase

Pinakamalaki ang bilang ng mga klase sa California kung ihahambing sa buong bansa, na syang higit na pumipigil sa kakayahan ng mga mag-aaral na matuto't umunlad. Bibigyan ng mas maliit na mga klase ang mga guro ng mas maraming panahon para pagbutihin ang pagtuturo ng isa sa isa (one-on-one), makabuluhang mapagbubuti ang pagkatuto ng mag-aaral – lalo na para sa mga katutubong mag-aaral na nasa minoridad at mga nag-aaral ng Ingles – at pahihintulutan ang higit na pakikipag-usap sa pagitan ng mga guro't pamilya.



Pagkakataon para sa Preschool

Nagsisimula ang pagkatuto bago pa man pumasok ang mga mag-aaral sa kindergarten. Nararapat na ang lahat ng mga bata sa California ay may pagkakaton na magkaroon ng mataas na kalidad na maagang edukasyong pambata.

Ligtas na Pagkatuto at Kapitaligiran ng Pagtuturo

Kailangang turuan ang mga mag-aaral sa mga pasilidad na ligtas, may mabuting pamamahala at nagpapakita ng respeto para sa mga nag-aaral at nagtatrabaho doon.

Pagtuturo sa Lahata ng Mag-aaral

Mahalagang hinuhubog ng mga prinsipyo ng panlipunang katarungan, pagkamakatao at sari-saring uri ang pampublikong edukasyon sa California. Ang mga pagkakataon ng isang bata para tumagumpay ay hindi dapat nababatay sa pagtira sa tamang zip code. Dapat makilala ng mga magulang at tagapagturo ang mga kakulangan sa loob ng sistema at itaguyod ang pagsuporta sa mga karagdagang mapagkukunan sa mga mag-aaral at paaralan na nangangailangan ng higit na tulong.

Pangunguna sa Propesyon

Ang mga propesyonal na tagapagturo ay taos-pusong hinahangad ang tagumpay ng bawat mag-aaral, ay dapat makilala bilang mga dalubhasa at responsable para sa pagtatatag ng pinakamataas na pamantayan ng kalidad para sa mga mag-aaral at sa propesyon. Ang mga guro ay karapat-dapat na magkaroon ng propesyonal na pag-unlad na tunay na para sa mga guro, oras para mabalangkas ang kanilang mga aralin at makipagtulungan sa kanilang mga kasamahan sa trabaho at ibahagi ang paggawa ng mga desisyon upang matiyak ang pinakamagandang paraan ng pagtuturo, at mga sistema ng kurikulum, pagtasa, at paghusga. Kailangan rin ng mga tagapagturo ng suweldo na maihahambing sa iba na may katulad na edukasyon at karanasan upang akitin at panatilihin ang mga kalidad na tagapagturo para sa mga mag-aaral.



Kabilang ang Pamilya at Bayan

Ang mga magulang at miyembro ng pamilya ay mahalagang bahagi ng edukasyon ng isang bata. Dapat magkaroon ng panahon ang mga tagapagturo na madalas makipag-usap sa mga magulang upang magbuo ng magkatulad na paningin para sa pagkatuto ng mag-aaral. Kailangang magsilbing sentro ng bayan at pagkatuto ng mga may sapat na gulang ang mga publikong paaralan.

Mga Serbisyong Pangkalusugan at Suporta

Pinakahuli ang California sa bilang ng mga tagapayo, nars at social worker para sa bawat mag-aaral. Napakahalaga ng sapat na pangangalaga sa kalusugan, kabilang dito ang pangangalaga ng mata at ng ngipin, upang tiyakin na darating ang mga mag-aaral sa paaralan na handang matuto. Dapat mayroong walang bayad o mas murang mga programa ng pagkain at walang bayad na transportasyon para sa mga nangangailangan. Kailangan ng mga paaralan sa California ng sapat na tagapayo, nars at ibang propesyonal na tumutulong sa edukasyon upang matugunan ang pangangailangan ng lahat ng mga bata.

Pondohan ng Ganap ang Edukasyon

Nagpapatuloy ang pampublikong edukasyon bilang mahusay na pangbalanse at pundasyon ng ating kalayaan. Ang California ang pang-walong pinakamalaking ekonomiya sa mundo, ngunit nagpapatuloy itong nasa higit na mababa sa pambansang pamantayan pagdating sa paglaan ng pondo para sa bawat mag-aaral. Ang pamumuhunan sa pampublikong edukasyon ay pamumuhunan sa ating kinabukasan.



Daan Tungo sa mga Abot-Kayang Kolehiyo at Karera

Karapat-dapat na magkaroon ng daan tungo sa abot-kayang kolehiyo ang lahat ng mga mag-aaral. Sila din ay dapat may daan patungo sa mga programang tungkol sa karera at teknikal na pagsasanay na siyang maghahanda sa kanila para sa mundo ng trabaho.